# Gintong Patnubay

VOL. 2 NO. 2



## Kung Mangarap Ka't Mauntog (Bukol!)

Sinulat ni OLIVIA LAMASAN

ISANG PROYEKTO NG
KOMISYON PARA SA PILIPINO SA IBAYONG DAGAT
(COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS)
Tel. Nos.: 561-8316 * 562-3848 * 562-3851
1/F - 7/F Citigold Center
1345 Quirino Avenue, cor. Osmeña Highway
Manila, Philippines

# KUNG MANGARAP KA'T MAUNTOG (BUKOL!)




ANG MAHIRAP AY NANGA-NGARAP YUMAMAN...



ANG PANGIT AY NANGA-NGARAP GUMANDA...



AT ANG BANAL AY NANGA-NGARAP MAGKASALA UPANG MALASAP KAHIT PANANDALIANG LIGAYA.




ITO SI PURITA PURIFICACION, PURITY KUNG BAGA... ANG TANGI NIYANG PINAKAMIMITHI AY ANG MAKAPAG-ASAWA NG PUTI AT MANIRAHAN SA IBANG BAYAN. SIYA'Y MASIGASIG PARA MAKAMTAN ANG MASIDHING PANGARAP.
SA GULANG NA SAMPU... ISINABAK ANG SARILI SA GAWAING TALIWAS SA KANYANG KAKAYAHAN...
ABA, ANG BATANG IRE'T BAKIT IKAW ANG GUMAGAWA NIYAN. KE BABAE MONG TAO'T KE BATA PA NAMAN.
ALA EH INAY, KUNG AASAHAN NATIN ANG MGA KALALAKIHAN RINE SA ATING BAYAN. E, MAMAMATAY TAYO. PAG MAY SUMOBRA ILALAKO KO SA KABILANG IBAYO.
ANAK, IKAW LAMANG ANG TANGING MAKAKAPAGAHON SA ATIN DITO SA PAGHIHIRAP.
BASTA INANG, ANG NAIS KO'Y AMERIKANO AT DOON KAMI TITIRA SA AMERIKA!
NAGDAAN ANG MGA TAON, PATULOY ANG PAKIKIBAKA NI PURITA...
LAHAT NA YATA NG URI NG PAGKAKAKITAAN AY PINASUKAN ... LAMANG ANG ALKANSYA.
WALANG PROBLEMANG DI SINUONG... MATINDING INIT MAN NG ARAW NA MAKAPASONG TALAMPAKAN...
ANAK, MAGPAHINGA KA NAMAN BAKA IKAW AY MAPAANO NA NIYAN.
ALAM NIYO, INAY PAG NAKAPANGASAWA NA'KO NG AMERIKANO, HINDI NA AKO MAGTATRABAHO... MARAMING PERA DOON. AT HINDI NA RIN TAYO MAIINITAN DAHIL MALAMIG DOON IYONG ISNO BAGA.


DISYASKENG BATA, IRE. SINABING TUMANTAN PA-MINSAN-MINSAN. AYAN AT MAY SAKIT KA NA!
UHU, UHU, UH... INAY, DITO LANG SA PILIPINAS ANG SAKIT. DOON SA 'MERIKA, HINDI NAGKAKA-SAKIT ANG MGA TAO... KAYA PAG NANDOON NA AKO'Y GAGALING AKO'T HINDI NA MULING MAG-KAKASAKIT
ANG KASAKIMAN NG TAO'Y DI RIN UUBRA KAY PU-RITA.
TIBA-TIBA TAYO RITO, PARE. MAKAKABAYAD NA RIN 'YON SA LA-HAT NG KABA-RATAN NIYA SA ATIN!
MGA WALANGHIYA! PATI PINAGHIRAPAN KO GUSTO NIYO PANG NAKAWIN... SIGE, TINGNAN NATIN KUNG HANGGANG SAAN ANG GA-LING NINYO! LABAN!
KAY PURITA PURIFICATION, LAHAT AY MAY SOLUSYON!
ANAK, DAPAT YATA'Y ILAGAY MO NA ANG MGA IYAN SA BANGKO. BAKA 'YAN PA ANG DA-HILAN NG PAG-KAMATAY MO.
ANO? ABA INAY SA KE TAGAL NANG PANAHONG INIPON KO ANG MGA IRE'Y IBIBI-GAY N'YO LANG SA BANGKO!
IBIG MONG SABI-HIN E ANG LAHAT NG NAGPUPUNTA SA BANGKO E IBINIBI-GAY LANG ANG PERA ROON?
E HINDI NGA BA, INAY! ANG MGA TAONG NAGSISIPASOK SA BANGKO, KAY KAKAPAL NG BAG AT PAG NALABAS AY WALA NANG DALA.. ABA, INAY, ANO AKO, TANGA?
ITONG SI PURITA'Y MAY ITSURA NAMANG TALAGA, KUNG KAYA'T MGA MA-NGINGIBIG AY MAYROON DIN NAMAN SIYA.
NGUNIT LAHAT NG MGA ITO'Y NO PANSIN SA KANYA... PUTI AT MATIPUNO ANG KANYANG HANAP NA ASAWA, DI ANG PAYATO'T MAITIM NA PILIPINONG KABARO NIYA.



NGAYON NGA'Y KUWARENTA ANYOS NA SI PURITA. MAY MGA SUMUSUBOK PA RIN NGUNIT SA NAKATAGONG KAYAMANAN LANG NAKATUON ANG KANILANG PANSIN.
ITO SI PROCOPIO ALIBASBAS. PANGIT NGA KUNG PAGMASDAN. NGUNIT MAY DAKILANG PUSO'T PAG-IBIG NAMAN
WALANG-HIYA HINIPUAN MO AKO. BINASTOS MO AKO, PROCOPIO!
ARAY! PURITY, IROG KO. INAALALAYAN LANG NAMAN KITA'T BAKA MADULAS KA RITO SA BATIS.
HINDI KO KAILANGAN ANG TULONG MO! ALA E, TALAGANG NALAKI KANG TANGA! TUMANDA KANG WALANG PINAGKATANDAAN! LAYAAS!
SI LING NAMAN, PAANO AKONG LALAYAS E TAYO'Y HINDI MAAARING MAGKAWALAY SAPAGKA'T TAYO'Y IISA HABAMBUHAY!
UM! KINSE ANYOS PA LANG AKO SINASABI MO NA IYAN. SA LOOB NG DALAWAMPU'T LIMANG TAON E, 'YAN PA RIN ANG DIALOGUE MO...
AT DALAWAMPU'T LIMANG TAON KO NA RIN SINASABI SA 'YO NA HINDE, HINDE, HINDE!!! HINDI ANG TULAD MO ANG MAPAPANGASAWA KO! SA AMERIKANO LANG AKO!
MAHAL KO... OWER LAB APEYR IS A WANDERUS TING... I KENT ISTOP LABING YU... AND IN DA END.. WIL BE TUGEDER AGEN!
GRRRRRRR! PALIBHASA, WALA KA NANG INATUPAG KUNDI ANG MAGBASA NG SONGHITS!
IN ADER WURDS, KE HABA-HABA MAN DAW NG PRUSISYON, SA SIMBAHAN DIN ANG TULOY!
MAGPRUSISYON KANG MAG-ISA MO! SILABAN MAN ANG PALIGID MO, ALA-E DI KA PA RIN MAKIKITA DAHIL SA KAITIMAN MO! BALUGA! TSE! PATI APELYIDO MO'Y MABANTOT!
ALING KUTEN, BAKIT NAGKAKAGULO?
BILI KA NG SOPDRINKS AT IHULOG MO ANG TANSAN, MAY TSANSA KANG MAGKABAHAY AT MAPUNTA SA STATES!


OW NOOOHHH! HIR WE GOW AGEYN! PARANG AWA MO NA, HUWAG KANG SUMALI! PLIS...
HE! ALING KUTEN, INYO NA HO LAHAT NG MGA PANINDA KO'T ITONG KAUNTING PERANG DALA KO, KAPALIT NG MGA SOPDRINKS!
SA BAHAY, HABANG WALANG HINTO SA PAG-INOM NG SOPDRINKS ANG DALAWA, NAGSIMULANG LUMAGDA SI PURITA...
BURP!
BILISAN MO'T MARAMI KA PANG UUBUSIN
HANE NGA'T NAGHIHILAB NA ANG SIKMURA KO RINE SA MGA LINTEK NA IRE, E IRENG MGA DAMUHONG SOPISDRINK NA IRENG MAGLALAYO SA IYO SA AKIN.
TEKA NGA PALA... IKAW AY MARUNONG BUMASA'T SUMULAT... E BAKIT HINDI IKAW ANG LUMAGDA PARA SA AKIN
ANG 'ZZZ AKOZZZ!!! UNTI-UNTI MO AKONG PINAPATAY, PURITA! SARILI KONG KAMAY.. SARILI KONG MGA DALIRI ANG MAGIGING SANHI NG ATING PAGKAKALAYO..
SIGE NA, PROCOPIO...
AYOKO!
PROCOPING...
HINDE! AYOKO! AYOKO! AYOKO!
NGUNIT ANG PAG-IBIG, KUNG DAKILA'T DALISAY, HINDI MATITIIS ANG LUHA NG ABANG HINIHIRANG...
PROCOPIO! HU HU HU!
AT DUMATING ANG ARAW NG BOLAHAN...
AT ANG MAPALAD NA NANALO NG FREE TRIP TO THE UNITED STATES OF AMERICA AY SI.. PURITA PURIFICACION.


INAY! INAY! NA-RINIG BA NINYO? NANALO AKO... NANALO AKO! HA HA! 'MERIKA HERE I KAM!
NATUPAD DIN ANG PANGARAP MO, ANAK!
ANG HAPDI AT SAKIT NG PAGKAWALAY AY NAKAKAYANANG SUPILIN AT TI-IISIN, PARA SA PANANDALIANG PAG-SILAY NG TUWA AT GALAK SA MUKHA NG SINISINTA...
PROCOPIO HINDING-HINDI KITA MAKAKA-LIMUTAN...
PURITA, SANA KUNG MATAGPUAN MO ITONG BANYAGANG IYONG MA-PAPANGASAWA, ARU-GAIN AT MAHALIN KA RIN SANA NIYA...
PAALAM... KAIBIGAN...
DI PA NAMAN AKO MASYADONG MARUNONG BUMASA'T SUMULAT PERO DI BALE, ANG IMPORTANTE'Y MAKIKITA KO NA ANG DREAM BOY KO... HI HI! KAILANGANG KONTING PAKIPOT PARA FEEL NA FEEL NIYA ANG PAGKADALA-GANG PILIPINA KO
EXCUSE ME, MA'M, ARE YOU AL-RIGHT?
ANO RAW?!
ARE YOU ALRIGHT?
YES... A... NO! NO!


YOU'RE NOT ALRIGHT? WHAT CAN I DO FOR YOU?
YES... YES! DYUSKUPU. PAG UMILING, NO. PAG TUMANGO, YES... SANA NARITO SI PROCOPIO. ANG HIRAP TALAGA NG HINDI MARUNONG MAG-INGLES...
SA U.S.A. PORT OF ENTRY...
HEY, WHY KAP-KAP-KAPKAP? BINABASTOS N'YO KO A!
HUH? WHAT ARE YOU SAYING?
NAGULAT SI PURITA. NAKARAMDAM DIN SIYA NG TAKOT. MALUHA-LUHA MAN AY HINAYAAN NA RIN NIYANG KAPKAPAN SIYA NG LALAKING KANO.
DYUSKUPU. WALA NA ANG AKING PURI... HU... HU... HU...
LALO NANG NAGULANTANG SI PURITA NANG MAKITA NIYANG BINUKSAN NG TAGA-CUSTOMS ANG MGA GAMIT NIYA.
HOY, HOY, AKIN YAN! WHY ARE YOU... YOU... KALKAL? LIKE THAT HERE? YOU... PAKIALAMATION... THINGS OF US?
AT NAGKALANSINGAN AT NAGKALAT ANG MGA BARYA NA MATAGAL NANG PINAG-IPUNAN NI PURITA.
HOY! HOY! PERA KO IYAN.
HELL, MAN, WHAT IN BLAZES ARE THESE? BRING THIS WOMAN TO THE INTERROGATION ROOM! NEXT!
AT ANG ABA NATING BIDA'Y NAGMISTULANG PARANG KRIMINAL NA HINIHILA AT NAGPUPUMIGLAS.
HELP! WALA AKONG KASALANAN! WALA AKONG KASALANAN!


WAT? (HU... HU... HU...) SA TOTOO LANG HO, MA-MANG JOE...
JOE? DOES THIS JOE GOT SOMETHING TO DO WITH THIS GODDAM MESS?
ANO? NO SPEAK INGLISH. ME, NO SPEAK! ANG SINASABI KO HO, WALA HO AKONG KASALANAN... NANALO LANG HO AKO SA RAFFLE.
CALL A FILIPINO. I CAN'T UNDERSTAND A WORD SHE'S SAYIN'.
DATING ANG ISANG JANITOR NA PINOY.
YES SIR?
HAY, DYUSKU, SA-LAMAT NA LANG MAY PILIPINO DIN DITO. PA-KISABI DITO SA MA-TANDANG ITO NA WALA AKONG KASALANAN!
GO, AHEAD AND TALK TO HER! WE'RE WASTIN' TIME!
ANO HO BA ANG NANG-YARI?
PAGDATING KO RITO'Y SUKAT BA NAMANG PI-SIL-PISILIN AT LAPIRUT-LAPIRUTIN AKO DIYAN SA LABAS NG DAMU-HONG KANO SA LABAS!


AT PAGKATAPOS NGAYON, NAIS PA YATANG KUNIN ANG PERA KO! PINAG-PAGURAN KO 'YAN!
HINDI N'YO BA ALAM NA BAWAL ANG MAGLABAS NG GANITONG KA-LAKING HALAGA SA ATING BANSA?
AKALAIN KO BA 'YON! ANG SA GANANG AKIN, ANG PERA AY PERA! AT SAKA NANALO LANG AKO SA RAFFLE KAYA AKO NARIRITO!
SANDALI LANG HO AT KAKAUSA-PIN KO ANG OFFICER NAMIN.
SANDALING PINAG-USAPAN NG KANO AT JANITOR ANG KASO NG ATING BIDA...
IKINALULUNG-KOT KO, ALE! KAILANGANG KUMPISKAHIN ANG MGA BOTE NG BAGOONG NA BAON N'YO. MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL ANG PAGPAPA-SOK NITO DITO. KUNDI'Y PAPA-UWIIN KAYO SA PILIPINAS.
DAPAT HO KASI'Y NA-ADVISAN KAYO NG TRAVEL AGENT NINYO!
TRABEL AGENT? ANO 'YON?
'YON HONG... ALE, NAKAPAG-ARAL HO BA KAYO?
INIINSULTO MO BA AKO?
HINDI PO...
PUWES, HINDI! HINDI NGA AKO MARUNONG SUMULAT AT BUMASA, PERO HINDI NAMAN AKO TANGA! TEKA MUNA, IKAW BA?
E, SA KATU-NAYAN HO'Y COLLEGE GRA-DUATE AKO!




KABADO MAN AY IPINAGPATULOY NA RIN NI PURITA ANG PAKIKIPAGSAPALARAN SA BANSANG MATAGAL NA NIYANG GUSTONG MARATING.



TITIISIN NIYA ANG LAHAT NG HIRAP. HUWAG LAMANG ANG TIYAK NA KAHIHIYANG TATAMUHIN PAG BUMALIK NANG DI ORAS SA SARILING BAYAN.



WALANG PERA SA BULSA. GUTOM... PAGOD... NGUNIT ANG PINAKAMASAKLAP, HINDI ALAM ANG PATUTUNGUHAN...








TINUGON NG MAYKAPAL ANG AWANG PANALANGIN...SA WAKAS, ANG PAGKALAKI-LAKING HOTEL AY NATAGPUAN DIN...
ARU, DIYOSKU! PAGKALAKING BAHAY NIRE...
AHAY, SANTA BARBARA! PAANO NA BA IRE'T AYAW HUMINTO NIRENG TSUBIBO! NAHIHILO AKO!
KAMANGMANGANG DI IKINATUWA NG MGA BANYAGA...AT SA WAKAS AY NILAPITAN SIYA NG BELLBOY.
MAY I HELP YOU, MA'AM?
HELP? YOU HELP?
WOULD YOU LIKE TO HAVE A ROOM, MA'AM?
ROOM? YES ROOM!
AT SINAMAHAN ITO SA REGISTRATION COUNTER.
CAN I GET YOUR NAME PLEASE?


MY NAME IS PURITA PURIFICACION. I COME FROM BARRIO MAPANGARAP. I...
AH, THAT'S ALL WE WANT TO KNOW, MA'AM. BY THE WAY, I THINK A ROOM HAS BEEN RESERVED FOR YOU. WE HAVE BEEN EXPECTING YOU.
JOHN, PLEASE LEAD THE LADY TO HER ROOM!
AT SA LOOB NG SILID...
ARAY KO...NALAPERDUS NA YATANG MGA TALAMPAKAN KO! AHAY! KAY GANDANG SILID NIRE!
AT WALANG PAKUNDANGANG PINAKIALAMAN NI PURITA ANG MGA NAKITA NIYANG CONTROL BOARD...AT NAGULANTANG NA LANG ITO NANG MAGING KAMA ANG SOPA.
INAAAY...
TOG!
AT PARANG BATANG NAGLULUNDAG SA KAMA. PININDOT ANG ISA PANG BUTON AT...
PLAG!
AHAHAY! TULONG! TULONG! MGA KAPITBAHAY! TULUNGAN NINYO AKO! ARAY! ARAY!


WHAT'S HAPPN'NG HERE?-JESUS CHRIST. MA'AM! WHAT IN THE HELL ARE YOU DOIN' THERE?!
HOY, ULUPONG IMBES NA MANALANGIN KA'Y ALISIN MO 'KO RITO!
ARE YOU A FILIPINA?
PILIPINO? YES...YES...ME, PILIPINA...
OH, ARE YOU OKAY NOW?
TENK YU!... TENK YU, AKALA KO'Y MAMAMATAY AKO...
PAGPASOK SA SILID TULUGAN...HANAP ANG SWITCH NG ILAW SA DINGDING, HANGGANG SA MAKAPA NIYANG HILERA NG BUTON SA MAY HIGAAN.
WALASTIK! SA MESA NA PALA ANG SINDIHAN NGAYON..
PININDOT ANG ISA, UMILAW ANG LAMPSHADE, AT ISA PA...
AY KULOG! AHE! KUMIDLAT! HINDI PO! HINDI NA PO UULIT!
WOOO... GOT THE ... OF MY LOVE...
MAYA-MAYA PA'Y NATANTO NI PURITA NA ANG PAGKALAKAS-LAKAS PALANG TUNOG AY MUSIKA MULA SA RADYO
RADYO! ...TRANSISTOR REDYO! DIYASKENG IRE'T REDYO LANG PALA.


MAYA-MAYA'Y KUMUHA NG DAMIT AT NAGTUNGO SA BANYO UPANG MALIGO...
KEGARANG PALIGUAN NIRE! TALAGANG IBA SA AMERIKA, LAHAT MAGARA!
ANO GA IRE? PAGKALAKI-LAKING PLANGGANA!
AT IRE?
AHAY! UMULAN! TUBIG! AHE, TUBIG NGA! KEGARA'T PARANG ULAN!
AT PATULOY NA NANGALIKOT SI PURITA.
TUBIG. AT TUBIG... PANG MULI. MAY ULAN NA'Y MAY AGOS PA! MALIIT PALA'NG BATIS IRE! AHA-HAY!
TEKA, UHU UHU ...BAKIT MAY USOK AT MAINIT?!
14


ARAY! SUNOG... SUNOG... ARAAYYY! NASUSUNOG! SUNOG!
MGA KAPIT-BAHAY, TULUNGAN N'YO AKO! NASUSUNOG AKO! HU HU HU...
DI MAKITA ANG PINTUAN SA KAPAL NG USOK. SA WAKAS AY NAKALABAS DIN ITO...
HAAH... HAH... AKALA KO'Y MAMAMATAY NA 'KO! BRRRR ANG GINAW. HAH HAH...
NAUPO SA KAMA... NGUNIT SIYA'Y LUMUBOG AT TULUYANG NAPAHIGA... DI ALAM NA WATERBED PALA ITO.
AAAAAAAHH... LUMILINDOL... LUMILINDOL!
AT DI SINASADYA NASAGI AT NAPINDOT ANG ISA PANG BUTON PARA SA BED VIBRATOR...
BRRRR
AAAAANHH... TULUNGAN N'YO 'KO... MAAWA KAYO SA AKIN... MAMAMATAY AKO... MAMAMATAY AKO!



Ang akala ni Purita'y katapusan na niya nang...
WHAT'S IT NOW, MA'AM?! WHAT IN HEAVEN'S NAME ARE YOU DOING?!
N-HOY! N-NA-NALANGIN KA NA NAMAN! TULUNGAN MO KO!
I HOPE EVERYTHING WILL BE OKEY NOW. JUST CALL ME IF YOU NEED ANYTHING ELSE!
SALITA KA NG SALITA, HINDI KO NAMAN MAINTINDIHAN!
Dali-daling nagbihis si Purita't iniligpit ang mga gamit.
Lumabas ng hotel upang libangin ang sarili at hanapin si Prince Charming.
NGAYONG NANDITO NA AKO'Y SASAMANTALAHIN KO NA... MAGTI-TNT NA LANG AKO, HINDI NA AKO BABALIK SA PILIPINAS.
Lumipas ang mga araw at napilitang lisanin ang hotel sa kakulangan ng pera.
ANG HIRAP NAMAN NG BUHAY NA ITO, HALOS HINDI AKO MAKAGALAW SA LIIT NG TIRAHAN NA ITO!


NAGDAAN ANG MGA BUWAN...
NAGPUMILIT NA ISIKSIK ANG SARILI SA IBA'T IBANG URI NG TRABAHO...
NAG-ALAGA NG BATA...
KATULONG SA ISANG KAINAN...
NGUNIT SA BAWAT SUUNGIN NA TRABAHO AY DI NAGTATAGAL.
YOU FOOL, HOW MANY TIMES DO I HAVE TO TELL YOU TO KEEP YOUR ASS MOVIN !
YES...YES!


YOU'RE SUCH A DIFFICULT PERSON TO MANAGE. THIS WILL BE YOUR LAST DAY HERE... YOU'RE FIRED!
HINDI NIYA BA MAINTINDIHAN NA MASAKIT ANG TIYAN KO HU HU!
AMERIKA, TATLUMPUNG TAONG NASAM-ASAM.. PINAGPAGURAN, PINAGPUNAN. AMERIKA... LUGAR NG KAYAMANAN, KASAGANAHAN
NGUNI'T PAULIT-ULIT MANG SAMBITIN ANG MGA KATAGANG ITO NI PURITA DI NA MAKAPAGDULOT SA PUSO NG DATING SAYA.
PAWANG KALUNGKUTAN AT PANGUNGULILA ANG NADARAMA FARA SA DATING PAMUMUHAY, DATING MGA KASAMAHAN, AT SARILING BAYAN NA DALI-DALING NILISAN.
AMERIKA... AMERIKA... LUNAN NG PANGARAP. NGUNI'T NAPAKASAKIT PALANG TANGGAPIN NA IKAW AY SADYANG HINDI PARA SA AKIN.
BRYAN


KUMAKALAM ANG SIKMURA WALA NAMANG PAMBILI
NANGANGATAL ANG KATAWAN SA MATINDING LAMIG NA DI KINASANAYAN.
PAGAL ANG KATAWAN MABIGAT ANG PAKIRAMDAM, DI NAMAN HUMINTO. PATULOY SA PAGLALAKAD... SA PAGHAHANAP... NG KUNG ANO'Y DI MATANTO.
HANGGANG SA...
WOW, WOW, WOW... LOOK AT THIS BEAUTY
COME ON MAN, LET'S TREAT OUR SELVES
HEY, YOU WANT TO TREAT YOURSELF TO A FREE SEX?
COME HERE YOU BITCH.


MGA WALANG-HIYA KAYO... BITIWAN NINYO KO!
HEY MAN, THIS LADY WANTS TO PUT UP A FIGHT...
KINALADKAD SI PURITA SA ISANG MADILIM NA SULOK...
AT NAMAYANI ANG KASAKIMAN...
PAGKALIPAS NG ILANG ORAS AY NAGKAMALAY NA SI PURITA. AT NAMULAT SA KATOTOHANANG ANG KANYANG PINAKAIINGATANG PURI AT DANGAL AY WALA NA.
ILANG ARAW NA DINAMDAM NI PURITA ANG MGA KASAWIANG DINANAS NIYA
NAGKULONG SA MUNTING SILID NA INUUPAHAN
HU HU HU!


AT WALANG TIGIL NA SINASAMBIT ANG MGA KATAGANG...
WALANG PATU-TUNGUHAN ANG KINA-BUKASAN KO DITO... SINIRA NG AMERIKA ANG PANGARAP KO...
SA KALUNGKUTAN AY PI-LIT NA BUMANGONG MULI SI PURITA SA PAG-KALUGMOK AT NAGHA-NAP NG MAKIKIRAMAY SA KANYANG HINAGIS.
AT DUMATING ANG ARAW NA BUMIGAY NA ANG KA-HINAAN NG KATAWAN AT...
MISS, MISS, EXCUSE ME... PILIPINO KAYO ANO ?
TULUNGAN MO AKONG MA-KABALIK SA PI-LIPINAS ! AYOKO NA DITO ! AYOKO NA !
ANG PILIPINO AY PILIPINO--LIKAS SA PUSO ANG TUMULONG KAHIT NA PA-ANO. PAGKATAPOS MAPAKAIN SI PURI-TA'Y NAGKUWENTUHAN ANG DALAWA...
ALAM N'YO ALING PURITA. MARAMI HO SA ATIN ANG MAY GANYANG KARA-NASANG KATULAD SA INYO LAHAT HO KASI TAYO AY INAAKALA NA MARARATING NATIN ANG TAGUMPAY SA PAMAMAGITAN NG PANGINGI-BANG BA-YAN.
21


COLLEGE GRADUATE HO AKO PERO NAGWE-WAITRESS DITO DAHIL HINDI NAMAN HO AKO MAKAKITA NG TRABAHO NA ANGKOP SA NATAPOS KO.
BAGO HO AKO NAGTUNGO DITO AY PUNO AKO NG PANGARAP. DUMAAN PA NGA HO AKO SA ISANG OPISINA NG GOBYERNO... SA COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS HO BA.
TANDANG-TANDA KO PA NGA ANG PAYO NILA SA AKIN!
OFFICE OF THE PRESIDENT COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS
ANG PAGPUNTA HO SA ISANG BAYAN AY HINDI BIRO. ANG IMPORTANTE HO DITO AY ANG LOCAL EXPERIENCE SA TRABAHO AT ANG KARAGDAGANG TRAINING.
SABI N'YO LANG 'YAN!
AKALA KO HO AY LANGIT NA ANG PUPUNTAHAN KO, KAYA HINDI AKO MASYADONG NAKINIG SA MGA SINABI. PERO ETO NGAYON. NAMULAT SA KATOTOHANAN.
NGAYON KO LANG NATANTO NA DI PALA BIRO ANG MANGIBANG BAYAN!
OPO. LALO NA HO YUNG WALANG KAKILALA AT MAHINGAN NG TULONG
KATULAD KO...
PERO HUWAG HO KAYONG MAWALAN NG PAG-ASA. TIYAGA LANG HO ANG KAILANGAN
HINDI LANG TIYAGA, IHA. TIYAGA, PAGTITIIS... AT PAGKAWALAY MO SA IYONG MGA MAHAL SA BUHAY. EWAN KO, MAHIRAP YATANG HARAPIN ANG LAHAT NG IYAN.



ANO PO ANG BALAK NINYO NGAYON?
UUWI NA LANG YATA AKO. MARAMI DIN NAMANG NAGHIHINTAY NA NAGMAMAHAL SA AKIN DOON... MAGANDA DIN NAMAN ANG KINABUKASAN NG MGA TAONG MATI-TIYAGA DOON.
IKAW LOURDES, MANANATILI KA PA DITO?
SIGURO PO... WALA NA DIN PO KASI AKONG BABALIKAN SA PILIPINAS. ULILA NA PO AKO. KUNG GUSTO PO NINYO, IPAPASOK KO KAYO BILANG WAITRESS SA PINAGTATRABAHUAN KO. MABUTI PO DOON PUWEDE TAYONG MAGDAMAYAN.
NAPAKABAIT MO, LOURDES. MAKAKAGANTI DIN AKO SA YO SANA'Y MAGTAGUMPAY KA SA YONG HANGARIN. HUWAG KA LANG MAG-ATUBILING UMUWI KUNG HINDI MO NA KAYA... MAS MABUTI SA ATIN. MAY MAHIHINGAN KA NG TULONG KAHIT PAANO.
NAGDAAN ANG MGA BUWAN, SI PURITA'Y NAGTIYAGANG MANILBIHAN BILANG WAITRESS.
AT NAGSIMULA ANG PAGLALAKBAY NIYA PALAYO SA DI MAABOT NA PANGARAP, NGUNIT PALAPIT NAMAN SA PANIBAGONG PAG-ASA...
PROCOPIO, NAGHIHINTAY KA PA KAYA SA AKIN?
PAGLAPAG NG EROPLANO AY HINDI NAGAKSAYA NG PANAHON SI PURITA PARA MAKALUWAS SA BARIO MAPANGARAP...
HOME! SWEET HOME!
HAAAAYYY... SA KAHABA-HABA MAN DAW NG PRUSISYON, SA SIMBAHAN DIN ANG TULOY. PERO TEKA, MUKHANG IBANG SIMBAHAN YATA ITONG NAKATAMBAD KAY PURITA...


PURITA... NAMAMALIKMATA BA 'KO? O, IKAW NGANG AKING NAKIKITA? IS IT YU AYM LUKING POR?
AKO NGA... PERO TEKA, AKO YATANG NAMAMALIKMATA. E KANINONG KE LAKING BAHAY IYAN? AT BAKIT KE GARA NG SUOT MO?
HINDI KA NAMAMALIKMATA, MAHAL KO. TULAD MO NAKIPAGSAPALARAN DIN AKO... BUMILI NG SWEEPTAKES AT NANALO AKO.
MAY SUWERTE DIN DITO SA ATIN PURITA... MAY KINABUKASAN DIN ANG TAO DITO, LALO NA'T KUNG MAY PAG-ASANG NAMUMUTAWI SA PUSO MO.
ALANGAN NA AKO SA IYO NGAYON, PROCOPIO.
NAGKAKAMALI KA PURITA. KAILAN MA'Y HINDI AKO NAWALAN NG PAG-ASANG MULI KANG BABALIK SA AKIN. ETO AT MAY SORPRESA AKO SA IYO...
ISA PANG SORPRESA'Y HIHIMATAYIN NA AKO!
HA... HA... HA... NAKIKITA MO BANG TIKET NA ITO? BINILI KO ITO UPANG SUNDAN KA SA AMERIKA.
ABROAD, AYOKO NA! DITO NA LANG TAYO SA ATING MUNTING PARAISO... ANG AKING PARAISO'Y KUNG NASAAN KA...
¡KUNG GAYO'Y N TAYO'Y PAKASAL KAAGAD... ISANG MAGARA'T MAGARBONG KASALAN!
SIMPLE LANG ANG NAIS KO... MADALIAN AT SA TANDA KONG ITO'Y BAKA DI NA KITA MABIGYAN NG ANAK!
AT ITINAPON ANG TIKET. ANG TIKET PARA SA SUSUNOD NA UMAASAM MAKAMTAN ANG PARAISO SA IBANG BAYAN.
Wakas

# COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS

**AN OVERVIEW**

The increasing trend in international migration in the middle of the 1960's and the 1970's drew particular attention to the conditions and potentials of the growing number of Filipinos going abroad. In 1980, Congress passed Batas Pambansa Blg. 79 creating the Commission on Filipinos Overseas (CFO) to promote the interests and well-being of Filipinos overseas, in particular those of Filipino emigrants.

**CLIENTELE**

The law creating CFO defines Filipinos overseas and identifies the agency's clientele to be "Filipinos who are permanent residents abroad including Filipino emigrants who are either already citizens of foreign countries or are still Filipino citizens awaiting naturalization, recognition, or admission, and their descendants". Subsequent issuances also identified more specific clientele groups as falling within the program coverage of CFO, namely, Filipino fiancees/spouses of foreign nationals and Filipino youth overseas.

**ORGANIZATION**

CFO is composed of an eight-man Board of Commissioners, headed by the Secretary of Foreign Affairs as Chairman, the Secretary of Trade and Industry as Vice-Chairman. Other members of the Commission are the Secretary of Labor and Employment, Secretary of Education, Culture and Sports, Secretary of Justice, Press Secretary, Secretary of Tourism, and the CFO Executive Director.

The Board of Commissioners is supported by a Secretariat which transforms government policies into actual programs for Filipinos overseas. The Secretariat is head by an Executive Director and assisted by a Deputy Executive Director.

**MANDATE**

**The major functions of the CFO are:**

1. Provide advice and assistance to the President and Congress of the Philippines in the formulation of policies and measures concerning or affecting Filipinos overseas;

2. Develop and implement programs to promote the interest and well-being of Filipinos overseas;

3. Serve as a forum for preserving the social, economic, and cultural ties of Filipinos overseas with the Philippines; and

4. Provide liaison services to Filipinos overseas with appropriate government and private agencies in the transaction of business and similar ventures in the Philippines.

**PROGRAMS AND SERVICES**

The functions of CFO have been translated into a framework consisting of the following four (4) major program areas:

**Migrant Social and Economic Integration**

CFO ensures that all Filipinos migrating to other countries are adequately prepared to meet the practical and psychological problems attendant to international migration.

a. Registration of Filipino Emigrants

b. Orientation Seminars for Pre-Departing Filipino Emigrants

c. Counseling Services for Filipino Fiancees/Spouses of Foreign Nationals

d. Peer Counseling for Filipino Youth Migrants, Aged 13-19 Years Old

e. Clientele Feedback Mechanism

f. Public Information and Assistance

g. Post-Arrival Orientation and Assistance

h. Educational Modules on International Migration and Development

**Filipino Education and Heritage**

CFO seeks to promote, in cooperation with other agencies and organization, the provision of critical educational services, as well as the continued exposure of younger generations of overseas Filipinos to Philippine history, culture and institutions.

a. Lakbay-Aral (Study-Visit Program for Children of Filipino Migrants)

b. Philippine Community Schools Abroad

c. Teaching of Filipino Language for Children of Filipino Migrants

d. Philippine Studies Programs

**Filipino Unity and Sustainable Development**

CFO aims to foster better cohesion and unity of purpose within and among the various overseas organizations so that their own interests and well-being can be promoted, supported or enhanced within a greater and more formidable all-Filipino community.

a. Lingkod sa Kapwa Pilipino (LINKAPIL) Program (Service to Fellow Filipinos)

b. Observance of December as Month of Overseas Filipinos

c. Presidential Awards for Filipinos and Private Organizations Overseas

d. Volunteers to the Philippines Program (Sharing of Expertise and Technology Transfer)

e. Exchange Visitors Program

f. Strengthening of Overseas Filipinos Network

g. Development and Publication of Information Materials.

**Policy Development and Data Banking**

CFO seeks to provide a continuing study and review of the economic, social, legal,, and administrative environment which have bearing on the status of overseas Filipinos.

a. Research

b. Policy Review and Formulation

c. Program Evaluation and Development

d. Multi-Sectoral Program for Overseas Filipinos

e. Data Banking and Computerization Program

F. Demographic and Economic Profile of Overseas Filipinos

g. Security Procedures for Overseas Filipinos in Crisis Situations

Kung mayroon kayong mga katanungan o suliranin tungkol sa permanenteng paninirahan sa ibang bansa, huwag mag-atubiling sumulat sa:


KOMISYON PARA SA PILIPINO SA IBAYONG DAGAT

(COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS)

Tel. Nos.: 561-8316 * 562-3848 * 562-3851
1/F - 7/F Citigold Center
1345 Quirino Avenue, cor. Osmeña Highway
Manila, Philippines